



Anchorage School District

Pormularyo sa Pagpapahintulot na Maglathala ang Media

Kailangan namin ng pahintulot ng mag-aaral at magulang na gamitin ang larawan, boses, at/o pangalan ng mag-aaral sa iba't ibang mga proyekto ng media. Pakiusap na basahin ang sumusunod, pagkatapos ay lagyan ng petsa at lagdaan kung saan nakasaad. Salamat po.

Oo – Pinahihintulutan ko. Nagbibigay ako ng pahintulot para sa aking anak na lumahok at lumabas sa mga video o audio recording, pelikula, larawan, nakasulat na artikulo, o sa mga website at mga site ng social media. Kabilang sa pahintulot na ito ang paggamit at pagsasaayos ng larawan, boses, at pangalan ng aking anak sa mga proyekto ng media ng Anchorage School District upang ilimbag, ibroadcast, o gamitin sa online na media outlet tulad ng mga pahayagan, mga istasyon ng radyo at telebisyon, at mga online site ng mga balita. Higit pa rito, nagbibigay ako ng pahintulot sa Anchorage School District na gamitin, ipakita, at kopyahin ang likhang sining ng aking anak para sa layunin ng pagpapakita sa mga palabas sa sining, kabilang ang paggamit nito sa mga materyal na pang-impormasyon, social media, at mga materyal ng kaganapan na may kaugnayan sa mga palabas sa sining, at nauunawaan na ang pahintulot na ito ay hindi naglilipat ng pagmamay-ari ng mismong likhang sining. Bilang pagsasaalang-alang sa pagkakataon para sa aking anak na lumahok, pinahihintulutan ko ang Anchorage School District, kabilang ang mga empleyado at kontratista nito, mula sa lahat ng mga paghahabol na nagreresulta mula sa paggamit at pag-aayos ng larawan, boses, o pangalan ng aking anak, at ang paggamit, pagbenta, pag-ayos, at paglabas sa mga media outlet.

Hindi – Hindi ko Pinahihintulutan and paggamit ng litrato, boses, at/o pangalan ng aking anak sa iba't ibang proyekto ng media na hindi kaugnay sa ASD.

Ang iyong pasya ay nananatiling may bisa para sa lahat ng mga proyekto ng media na nagaganap sa panuruang taon kung kailan nilagdaan ang pormularyong ito. Maaari mong baguhin ang iyong pasya anumang oras sa pamamagitan ng pagkumpleto ng bagong pormularyo sa iyong paaralan.

Petsa/Buwan/Taon: _____

Pangalan ng mag-aaral: _____

Lagda ng mag-aaral: _____

Kinakailangan ang lagda ng magulang o legal na tagapag-alaga kung ang kalahok ay wala pang 18 taong gulang.

Pangalan ng magulang o legal na tagapag-alaga: _____

Lagda ng magulang o legal na tagapag-alaga: _____

Mga Pormularyo ng Mag-aaral sa Pagpapahintulot na Maglathala ang Media

Ang mga nilagdaan ng magulang na pahintulot na maglathala ang media ay HINDI kailangan kapag:

- Pagkuha ng larawan o pag-video ng mga hindi kilalang mag-aaral na nakikibahagi sa mga normal na aktibidad sa silid-aralan/paaralan.
- Pagkuha ng larawan, pagrekord ng video, o pakikipanayam sa mga mag-aaral sa mga kaganapang bukas sa publiko, tulad ng musika, teatro, o mga kaganapang pang-atleta

Ang mga nilagdaan ng magulang na pahintulot na maglathala ang media ay LAGING kailangan kapag:

- Ang mga mag-aaral ay kapanayamin o makikilala sa pamamagitan ng pangalan sa isang larawan/artikulo ng balita.
- Ang isang indibidwal na mag-aaral /mga mag-aaral ang tuon ng pansin ng kuwento.
- Pagkuha ng larawan, pag-video, o pakikipanayam sa mga mag-aaral na nasa mga klase/serbisyo ng espesyal na edukasyon, o ilang partikular na programa (droga/ alkohol, detensyon/detalye sa trabaho, atbp.).
- Pakiramdam mo ay maaaring gamitin ang larawan, videotape, o panayam sa negatibong paraan.